**nasa loob**


EDITORYAL 4

PIKTORYAL (Bantayog Festival 2007 Activities) 7


# BATINGAW


DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 6, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2007"
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, CNorte"
Website: http:/www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com




Gob. Jesus O. Typoco, Jr.

## Mobile Passport Processing Services

Nagsagawa ng dalawang (2) araw na pagproseso ng pasaporte ang Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng mga kinatawan ng Department of Foreign Affairs (DFA) Regional Consular Office, noong Marso 15-16, 2007 sa Sangguniang Panlalawigan Session Hall, Provincial Capitol, Daet.

Layunin nito na matulungan ang mga mamamayan dito sa lalawigan na mapagaan at mapadali ang pagkuha ng pasaporte lalo na yaong mga nag-aaplay ng trabaho sa labas ng bansa. Sa pamamagitan nito, malaki ang matitipid nila sa pera, oras at pagod lalo na nga at karamihan sa kanila ay may kanya-kanya ring pinagkakaabalahan sa buhay.

Umabot sa limang daan apatnapu't-limang

(Sundan sa pahina 2)

# Pagdiriwang ng ika-87 taong anibersaryo ng CNorte matagumpay

Sumuporta at nakiisa ang mga mamamayan sa 12 bayan ng Camarines Norte sa selebrasyon dito ng ika-87 taong anibersaryo ng lalawigan na may temang, "Camarines Norte: Its Time to Shine". Ang mga programa at aktibidad sa naturang pagdiriwang simula Marso 29-Abril 23, 2007 ay pawang nakapokus sa Bantayog Festival (Year 3).

Kaugnay nito, isinagawa noong Abril 2 ang Grand Bantayog festival opening na tinampukan ng flag raising ceremony sa Provincial Capitol grounds sa ganap na ika-8:00 ng umaga.

Ito ay sinundan ng

(Sundan sa pahina 2)



*Ang fireworks display na isinagawa sa Kapitolyo bilang hudyat sa pagdiriwang ng ika-87 anibersaryo ng Camarines Norte at Bantayog Festival; Ang Sangmu University ng Korea nang tanggapin ang tropeyo mula kay Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang kampeon sa 5th Asian University Basketball Championship na ginanap sa Cams. Norte Agro-Sports Center.*



# SANGMU University ng Korea nanguna sa 5th AUB Championship

Matagumpay na isinagawa sa lalawigan ang 5th Asian Universities Basketball Championship (AUBC) noong Abril 14-23, kung saan ito ay nilahukan ng siyam (9) na koponan mula sa ibat-ibang unibersidad mula rito sa Pilipinas at ibang bansa sa Asya.

Ang pagiging host ng Camarines Norte ay naisakatuparan sa pangunguna ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. at ng pamunuan ng Basketball Association of the Philippines (BAP) dito sa Rehyong Bikol na pinamumunuan ni Dr. Bong Palencia bilang BAP Regional Director.

Tinanghal na kampeon dito ang koponan ng Sangmu University ng bansang Korea matapos nitong talunin ang Rizal Technical University-Manila. Samantalang 2nd Runner-up naman ang Huaquiao University mula sa China; 3rd runner-up, Bicol's Best; 4th Runner-up - University of Baguio, at; 5th runner-up ang University of Perpetual Help-Manila.

Sa isinagawang maikling awarding ceremony pagkatapos ng

(Sundan sa pahina 8)

# Mga lider magsasaka sumailalim sa pagsasanay

Matagumpay na isinagawa ang 2-araw na pagsasanay para sa mga pinunong magsasaka sa Camarines Norte noong Abril 24-25, 2007 kung saan dumalo ang may 25 farmer-leaders mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.

Ang nasabing pagsasanay ay itinaguyod ng Kagawaran ng Pagsasaka (Department of Agriculture o DA) at sa pakikipagtulungan ng Tanggapan ng Panlalawigang Pansakahan na pinamumunuan ni Provincial Agriculturist Rodolfo B. Salamero.

Layunin nang nasabing pagsasanay na ang mga pinuno ng mga magsasaka sa iba't-ibang bayan sa lalawigan ay magkaroon ng angkop na impormasyon at kaalaman ukol sa tamang pagpapahalaga at pamamalakad ng isang samahan.

Tinalakay rito ni Chairman Ben Dimaano ng Provincial Agriculture and Fishery Council (PAFC) ang ukol sa *leadership, parliamentary procedures* sa pagtawag ng isang pagpupulong, at pagsasagawa ng *mock meeting* kung saan kinuha ang partisipasyon ng mga dumalo.

Tinalakay naman ni Gng. Mel Acompañado mula sa Department of Agriculture Regional Office 5 (DA RO 5) ang mga pamamaraan sa paggawa ng *minutes of meeting,* resolusyon at simpleng pagsulat ng komunikasyon.

Nakatuwang niya sa *output presentation* si Gng. Melinda L. Jerez ng OPAg na nagsilbing facilitator. Sa pamamagitan nito, nakita ang antas ng kakayahan ng bawat kalahok at natukoy kung saang aspeto pa sila dapat sanayin.

Itinuro naman ni Gng. Erlinda G. Sañez ng OPAg sa mga kalahok ang paggawa ng vision, mission at goal setting.

Samantala, pinangasiwaan naman ni Gng. Ellen Villareal ng DA RO 5 ang pagtalakay sa *action planning*.

Sa *output presentation* naman na isinagawa kaugnay nito, nakatuwang niya sa Gng. Francia Pajares, Assistant Provincial Agriculturist, OPAG bilang facilitator.

Matapos ang nasabing pagsasanay, ang mga farmer-leaders ay lubos na nagpasalamat dahil sa mga kaalamang ibinahagi sa kanila na mapakikinabangan nila upang mas mapagbuti ang pamamalakad ng kanilang samahan.

Binanggit din nila na ang pagkakataong tulad nito ay higit na makatutulong sa mga bagong opisyales. ***MELINDA L. JEREZ***

## *Mobile Passport ...*

*(Mula sa pahina 1)*

(545) aplikante ang naiprosesong pasaporte at tatlong (300) daan dito ang awtomatikong nai-release sa ikalawang araw. Umabot naman sa isang daang (100) aplikante ang hindi napagsilbihan dahil kinulang ang dalang pasaporte ng mga taga-DFA at hindi nila akalain na ganun karaming tao ang pupunta sa kapitolyo para kumuha ng pasaporte.

Naisagawa ito sa lalawigan sa pamamagitan ng Public Employment Service Office (PESO) na nasa ilalim ng Provincial Planning and Development Office (PPDO) na pinamumunuan ni Arch. Madonna A. Abular, Provl. Planning and Devt. Coordinator (PPDC).

Ang naturang gawain ay ipinatutupad sa ilalim ng Employment Generation and Facilitation Strategy Program na

*(Sundan sa pahina 6)*






***Ang karwahe ng Mutya ng Camarines Norte na si Ms. Michelle C. Lanuza nang ito ay lumibot sa downtown Daet; Ang mga kabataang lumahok sa Beach Football na ginanap sa Bagasbas Beach, ito ay bahagi pa rin ng Kaogmahan sa Bagasbas ngayong taon at bahagi rin ng selebrasyon ng ika-87 anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte.***

## *Ika-87 taong ...*

*(Mula sa pahina 1)*

grand festival motorcade na nagsimula sa Provincial Capitol grounds at lumibot sa mga pangunahing kalsada na kalapit ng bayan ng Daet tulad sa mga poblasyon ng Talisay, Vinzons, Labo, Basud, at Mercedes at bumalik muli sa Provincial Capitol grounds. Nakiisa rito ang Philippine National Police (PNP) Marshall, Tourism Office, Camarines Norte Radio Amateurs Group (CANORA), BUC, Happy Riders Club, Bone Arrow (Labo at Jose Panganiban), X3M Riders, Kabalikat Civicom, mga pambansang ahensya, San Miguel Beer, Coca-Cola, Jollibee, Kabalikat Charity, grupo ng mga mamamahayag, at iba pa.

Kaalinsabay nitong idinaos ang press presentation ng mga sumusunod na kandidata sa Miss Camarines Norte 2007 na kumakatawan sa kani-kanilang bayan: Basud - Zarina Sarah R. Zabala; Capalonga - Niza L. Florendo; Daet – Cressida A. Carandang; Jose Panganiban - Aiza Katrina L. Mendoza; Labo – Mae Angela O. Panotes; Mercedes - Joyce Ann H. Villafuerte; Paracale - Krystel Joy delos Santos; San Vicente - Marjorie Kerr O. Posadas; Sta. Elena - Michelle C. Lanuza, at; Vinzons - Teresa A. Cereno.

Tinanghal na *"Press Favorite"* si delos Santos ng bayan ng Paracale sa naturang press presentation na isinagawa sa Museo Bulawan ng Kapitolyo Probinsyal.

Siya ang nangibabaw sa siyam (9) pang kalahok sa Search for Miss Camarines Norte/ Miss Bantayog 2007 na kaugnay pa rin sa selebrasyon dito ng ika-87 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, "Camarines Norte: Its

*(Sundan sa pahina 3)*

# 259 OTPs mula Enero-Marso 2007 ibinigay sa mga SSMPs dito

Umabot sa 259 ore transport permits (OTPs) para sa kabuuang 5,156 metriko tonelada ng iba't-ibang mineral commodities ang naibigay ng Office of the Governor (G.O.) sa iba't-ibang small scame mining permittees (SSMPs) sa lalawigan sa unang tatlong buwan (Enero-Marso) ng taong 2007 upang makapagbiyahe nito palabas ng lalawigan.

Ayon sa talaan ng Ecosystem and Environmental Resource Management Division (EERMD)-G.O., 154 OTPs ang naibigay kay Carmelita Villegas para sa 3,080 metriko tonelada ng white clay mula sa Brgy. Mampungo, Paracale; 6 OTPs para sa Basud Miners and Mineral Traders Association, Inc. (BMMTAI) para sa 96 metriko tonelada ng diatomaceous earth mula sa Brgy. Oliva, Basud; 30 OTPs kay Nilda Perrera para sa 600 metriko tonelada ng white clay mula sa Brgy. Tabas, Paracale; 58 OTPs kay Felipe Jalimao para sa 1,160 metriko tonelada ng ball clay mula sa Brgy. Tuaca, Basud; 1 OTP sa S & G Multi-Purpose Cooperative (S & GMPC) para sa 20 metriko tonelada ng pebbles mula sa Ingalan Island, Vinzons, at; 10 OTPs kay Jaime Oco para sa 200 metriko tonelada ng silica sand mula sa Brgy. Malaguit, Paracale.

Ang pamahalaang panlalawigan ay nakakolekta ng halagang P103,120.00 bilang OTP fee at P206,240.00 bilang quarry resource tax o kabuuang halagang P309,360.00 mula sa mga nabanggit na SSMP.

Magugunita na base sa rekomendasyon ng Provincial Mining Regulatory Board (PMRB), pinagkalooban ni Gober-

*(Sundan sa pahina 3)*

# Special Program for the Employment of Students

Muling nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng pagpili ng mga kwalipikadong mag-aaral para sa Special Program for the Employment of Students (SPES) para ngayong bakasyon.

Layunin nito na matulungan ang mga mahihirap subalit magagaling na mga mag-aaral na maipagpatuloy ang pag-aaral sa kolehiyo at makapag-enrol sa kolehiyo sa darating na pasukan sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng trabaho tuwing bakasyon.

Umabot sa isandaan apatnapu't walo (148) kabataan ang nagsumite ng aplikasyon kung saan 131 lamang ang nagkwalipika at siyang kumuha ng pagsusulit. Sa bilang na nabanggit, 55 ang nakapasa sa qualifying exam na isinagawa noong Marso 27, 2007 sa Provincial Library na pinangasiwaan ng Provincial Planning and Development Office (PPDO) na pinamumunuan ni Arch. Madonna A. Abular, Provincial Planning and Devt. Coordinator ng Provincial Planning and Devt. Office (PPDO).

Ang mga nakapasa sa pagsusulit ay dumaan sa evaluation/interview kung saan ang 33 na-nguna sa kanila ang kinuha ngayong taon. Sila ay makakasama ng 17 SPES recipients noong nakaraang taon na nag-aplay muli ngayong taon para makumpleto ang kabuuang bilang na 50 SPES recipients ngayong taong 2007.

Sa ilalim ng SPES, sila ay tatanggap ng sweldong P215.00 kada araw kung saan ang 40% o P86.00 ay babayaran ng Department of Labor and Employment (DOLE) sa pamamagitan ng Education Voucher at ang 60% o P129.00 ay babayaran naman ng Pamahalaang Panlalawigan.

Ang mga mapapalad na SPES recipients ngayong taon ay itatalaga sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan. Sila ay magtatrabaho rito simula sa Abril 16 hanggang Mayo 15, 2007.

Ang SPES dito ay pormal na magtatapos sa pamamagitan ng close -out activity sa Mayo 29, 2007 na isasagawa sa Audio-Visual Production Center (AVPC), 2nd floor annex, Provincial Capitol. ***MARILYN P. ASIS***

## *Ika-87 taong ...*

*(Mula sa pahina 2)*

Time to Shine".

Samantala, pormal na binuksan sa publiko ang Bantayog Festival Tourism and Trade Fair matapos ang opening program nito na isinagawa sa ganap na ika-4:00 n.h. sa exhibit area na nasa kahabaan ng Development Bank of the Philippines. (DBP).

Ito ay tinampukan ng ribbon cutting ceremony na pinangunahan ng mga opisyal ng pamahalaang panlalawigan at ilang pambansang ahensya rito. Nagbigay rin dito ng pang-aliw na bilang ang Jollibee Mascots.

Heto naman ang listahan ng mga lumahok sa naturang tourism and trade fair: Industrial - 1) Kagda Footweaar (Sorsogon) c/o Reynaldo Picaso; 2) Sanig Crafts & Outdoor Products (Sorsogon) c/o Romel Benzon; 3) Ermino's Handicraft (Sorsogon) c/o Maribel Ermino; 4) Caayunan Multi-Purpose Coop. Chairman Jerry Mariscotes; 5) Cams. Norte Food Processors Association c/o Josefina Aguilar; 6) Abby's Pasalubong c/o Nora Lobos; 7) Canada's Bamboo Craft c/o Mr. Andy Canada; 8) Mambulao Arts & Crafts Producers Association c/o Romeo Prima; 9) Corzo Crafts c/o Roe Saynes; 10) Farmco, Inc. c/o Aries Lim; 11)

*(Sundan sa pahina 6)*



***Ang Busig-on Festival ng bayan ng Labo, isa sa mga kalahok sa street dancing competition; Ang mga nagwagi sa Search for Miss Camarines Norte 2007 at Mutya ng Bantayog na sina: (mula kaliwa-) Miss Thea Alberto-Bb. Kalayaan Milenyo, Cresida Carandang-Miss CN Tourism, Miss Michelle C. Lanuza- Mutya ng Camarines Norte, Miss Mae Angela O. Panotes-Mutya ng Bantayog 2007, at Miss Marion Cartel-1st Runner-up Bb. Kalayaan Milenyo 2006.***



## *259 OTPs ...*

*(Mula sa pahina 2)*

nador Jesus O. Typoco, Jr. si Villegas ng SSM Permit No. 001-2005 noong Abril 18, 2005. Ang SSM Permit No. 005-2005 ng BMMTAI ay ipinagkaloob noong Hulyo 13, 2005 samantalang ang SSM Permit No. 007-2005 naman ni Jalimao ay noong Oktubre 6, 2005.

Pinagtibay ni Gob. Typoco, Jr. ang SSM Permit No. 002-2007 ni Perrera noong Marso 27, 2007 samantalang special permit naman para sa 15 OTPs lamang ang ipinagkaloob kay Oco noong Enero 2007 para sa pagbibiyahe ng silica sand mula sa Brgy. Malaguit, Paracale. Ang Permit No. 038-2006 ng S & GMPC ay pinagtibay naman noong Nobyembre 28, 2006.

Maliban sa pemiso ng S & GMPC na may bisang isang (1) taon lamang, lahat na SSM permits na nabanggit ay may dalawang (2) taong bisa mula nang pagtibayin ang mga ito. ***GONZALO C. BINAY***

# Lanuza ng Sta. Elena, Miss Camarines Norte 2007

Tinanghal na 2007 Mutya ng Camarines Norte si Michelle C. Lanuza ng bayan ng Sta. Elena sa kauna-unahang Search for Miss Camarines Norte na isinagawa noong Abril 14, 2007 ganap na ika-8:00 n. g. sa Provincial Capitol Grounds.

Naiuwi niya ang korona at halagang P25,000.00 bilang gantimpala. Nakuha rin niya ang karamihan sa minor at corporate awards tulad ng Best in Festival Costume, Best in Swimsuit, Miss Jimms at Miss Veness House of Fashion at mga kaukulang premyo.

Si Lanuza ang nangibabaw sa may labing-isa (11) pang kalahok sa naturang *beauty and talent pageant* na isa sa mga aktibidad sa selebrasyon dito ng ika-87 taong anibersaryo ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, *"Camarines Norte: Its Time to Shine"*. Ang kanyang talento, ganda at talino ang nagningning kumpara sa 11 isa pang kandidaya sa naturang patimpalak.

Ang titulong 2007 Mutya ng Bantayog Festival at 2007 Mutya ng Camarines Norte Tourism ay naiuwi nina Mae Angela O. Panotes at Cressida Carandang ng mga bayan ng Labo at Daet, ayon sa pagkakasunod. Tinanggap nila ang mga kaukulang korona at gantimpalang P15,000.00 at P10,000.00, ayon sa pagkakasunod.

Nakuha rito ni Panotes ang minor award na Best in Gown at Miss Congeniality naman si Carandang. Ipinagkaloob din sa kanila ang mga kaukulang gantimpala.

Samantala, pinarangalan naman dito bilang Miss Globe Telecom si Bb. Niza L. Florendo ng bayan ng Capalonga na nakakuha ng pinakamataas na text votes. Si Florendo ay pinagkalooban ng premyong P2,000.00 at isang yunit ng N6070 cellphone.

Ang titulong Darling of the Press at Miss Photogenic ay nakuha naman ni Bb. Krystell Ann delos Santos na kumatawan sa bayan ng Paracale.

Ang lupon ng inampalan sa naturang 2007 Search for Mutya ng Camarines Norte ay pinangunahan ng international fashion designer na si G. Armando Fabia

*(Sundan sa pahina 6)*

# The Benefits of Tourism Industry

## by Hon. Governor Jesus O. Typoco Jr.

Tourism is, in fact, a way of life that sustains the Filipino's culture and contributes to the preservation of their heritage. Tourism development calls for the protection of the environment to enable the people and the visitors to enjoy God's gift to men, the nature and all the resources attendant to it. Through the promotion of domestic tourism, we get the chance to learn our own history, culture and tradition. Because of this, tourism instills in the people a greater sense of national identity.

Tourism, as the saying goes, creates jobs. The multiplier effect of having tourists or visitors in our province would translate to generating foreign exchange, giving income even among the marginalized people such as fishermen, farmers and vendors, providing an opportunity for equitable economic growth, and empowering and sustaining communities. Tourism also serves as a come-on for investments because it will serve as a barometer that measures our standing in the eyes of other people. Since it is an image-driven industry, it is necessary to always create a good name for our province so that the media would see us in a positive light. Therefore, we have to be outstanding, we have to be beautiful, we have to be excellent. A very strong tourism promotional avenue that we should continually maximize is the holding of the Bantayog Festival. In this issue of Batingaw, we try to capture some of the slices of the 2007 Bantayog Festival which was nothing but a promotional campaign for our province so that more and more people would have an interest to see our tourist destinations and so that we could help create a better visitor perception for our province.




There is a need to spread the tourism culture so that every individual, from the officials of the government to the man in the street, must appreciate what tourism really is and how can they be of help for tourism in terms of their attitudes, values and actions.

Tourism is a very powerful driving force of the economy, and my administration will consistently and resolutely pursue a genuine tourism development package so that we could effect a real transformation in our lives and in our society.

## EDITORYAL

### SA PROGRAMANG PANGKAUNLARAN NEGATIBONG EPEKTO DAPAT PAGHANDAAN

Ang lokal na pamahalaang panlalawigan ay nangangasiwa ngayon ng mga gawaing kaugnay ng pagdiriwang ng ika-87 anibersaryo ng pagkakatatag ng Camarines Norte sa pamamagitan ng mga angkop na programang nagpapakita ng kasaysayan at mga natatanging tradisyon at kultura ng ating lalawigan. Bawa't kinauukulang sangay o ahensya ng mga pamahalaang lokal dito ay nakikiumisa at ipinapakita ang masidhing suporta sa mga adhikain ng nabanggit na pagdiriwang.

Ito ay mga positibong pamamaraan ng pagpapakilala sa ating lalawigan, mas naipalalaganap ang kanyang mga likas na kagandahan at yaman na siyang nakaaakit sa mga bisitang lokal o dayuhan man. Ang mga gawaing tulad ng ating isinasagawa sa ngayon ay may positibong epekto na nakapagbukas ng pagkakataon sa mga mamamayan upang magkahanap-buhay, iba pa sa pagkakataong makahihikayat ito ng mga lokal at dayuhang mamumuhunan, na makapagpapaunlad sa ating lalawigan.

Subali't kaakibat ng anumang hangaring pag-unlad, ay ang pangitain ng malaking posibilidad ng pagsasamantala sa ating "vulnerable" na mga kabataan at kababaihan. Mamamayagpag ang mga bugaw, mga bahay-aliwan na tumatanggap sa mga ito, at minsan pa ay kakutsaba ang iresponsableng mga magulang - nagpapatrabaho kahit pa manga nganib o' magdudulot ng pagkasira ng kanilang moralidad at buhay. Sana, ang ating mga pinunong lokal at iba pang otoridad ay mapaghandaan din ang bagay na ito. Sana, paglaanan nila ng pansin ang magiging negatibong epekto nito; paigtingin ang pagpapatupad ng mga batas na nagbibigay-proteksyon laban sa pang-aabuso sa mga kabataan at kababaihan, at makapagtatag sila ng mga "safety nets" upang hindi masalaula ang pagkatao ng mga ito.

Magagawa kaya ito? Sabi nga nila: "Kung nanaisin, maraming paraan. Kung ayaw, mara ming dahilan." At sa pagkakataong ito, lahat ay dapat kumilos, maging mamamayan man. Huwag tayong magturuan kung pumalpak man, sapagkat bawat isa sa atin ay kabahagi ng lipunang ating ginagalawan na may kani-kaniyang tungkuling dapat gampanan. Hindi ganap ang tagumpay ng isang layunin kung may mga magkikibit-balikat lamang at walang pakialam. *sn*

# Pushing the Frontiers of Tourism

## by Abel C. Icatlo


Abel C. Icatlo

Recent events in our province would bear out that tourism is really the ultimate springboard to jumpstart an otherwise hobbled economy. Due to aggressive overtures unleashed by the administration of Governor Jesus O. Typoco, Jr., this province had posted for the past five years a steady growth in tourist arrivals as shown by the records of the Department of Tourism. One very remarkable marketing blitz which was implemented quite successfully by this administration is the roadshow or the exhibits being done outside the province notably in Megamall and Mall of Asia where the exposure being afforded to us had been tremendous.

Another of the more effective selling tool of this province is the much publicized Bantayog Festival. This festival is being done to showcase the best of Camarines Norte's culture, traditions, values, industries, tourism attractions and investment potentials. This year, despite its being an election year, the province of Camarines Norte was again included in the travel map of many tourists because of the positive publicity generated by the Bantayog Festival. The Honorable Governor, Atoy Typoco, remained unaffected and focused even in the midst of cacophony of political noise. This is because he continues to believe that this province should be brought to the heights of success no matter what.

Tourism, as an economic subsector, is not only the largest industry in the world today. It is also the fastest growing industry which accounted for some 20 trillion dol-

(Continued on page 5)

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; Congressman Renato J. Unico, Jr., co-chairman; Vice Governor Edgar Tallado, vice chairman; Provincial Administrator Napoleon A. Malaluan; PDIC-PIA; and Purita P. Briñas, members.

**EDITORS:** Purita P. Briñas, executive; Elena B. Austria, managing; Lorena T. Ibasco, news editor/feature; Marilyn P. Asis, news; Fidel Y. Panotes, art and design; Nimfa E. Camara, opinion; Luigi Martin P. Querubin, circulation.

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Marivic Estacion, Rosita Iligan Library Services – Fe Necio; Sports - Dante Manlapaz; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture – Helen B. Abordo, head, Jessie M. Lacerna.

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin P. Querubin.

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez, OPAg; Franklin de Jesus, ProVet; Nancy U. Hernandez, HRMD; Gonzalo C. Binay, EERMD; Elvira B. Gomez, PSWDO; Geremias G. Ibana, PEO; Thelma Q. Bardon, Amelia Lopez, Dina G. Baleza, PPDO, Aida B. Pandeagua, Darius Mirasol, GSO; Estela P. Adorna, PBO; Encarnita A. Idioma, PCSSD; Gina B. Racelis, MASCD.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito'y opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

### 87th Foundation Anniversary of Camarines Norte
### Theme: "Camarines Norte: Its Time to Shine"
### BANTAYOG FESTIVAL 2007

## GENERAL PROGRAM OF ACTIVITIES

| | |
|---|---|
| Mar. 29-April 8 | SAN JOSE BEACH TENT FESTIVAL |
| Mar. 31-April 2 | 2007 BICOL CHESS CHAMPIONSHIP *(Cams. Norte Elimination)* |
| April 2 | GRAND FESTIVAL OPENING |
| | GRAND FESTIVAL MOTORCADE EXTRAVAGANZA |
| | GABI NG UNANG BANTAYOG |
| | MS. CAMARINES NORTE 2007 CANDIDATES' PRESENTATION |
| April 2-15 | BANTAYOG TOURISM AND TRADE FAIR |
| April 3-15 | SINING NG BANTAYOG (YEAR III) |
| April 6- 8 | BAGASBAS SURFING COMPETITION |
| April 8 | OPEN SAND CARVING COMPETITION |
| | KAOGMAHAN SA BAGASBAS |
| | **Kite Flying Competition* |
| | **Hilahang Lubid* |
| | **Agawang Buko* |
| | **Laro ng Lahi* |
| | BEACH VOLLEYBALL |
| | "KASUOTAN" BANTAYOG FESTIVAL FASHION SHOW |
| | EASTER SUNDAY FIREWORKS DISPLAY |
| April 8-9 | BEACH FOOTBALL |
| April 8-15 | PARTY SA PARKE (YEAR III) |
| April 9 | 3RD BANTAYOG RUN |
| April 11-12 | PROVINCIAL JOBS FAIR |
| April 13 | HARDSTRING 2007 *(Musika Laban sa Droga)* |
| April 13-14 | MOTURISTA V |
| April 14 | 109TH DAET REVOLT ANNIVERSARY |
| | MISS CAMARINES NORTE 2007 GRAND PAGEANT NIGHT |
| April 14-23 | 5th ASIAN UNIVERSITIES BASKETBALL CHAMPIONSHIP |
| April 15 | GRAND FESTIVAL DAY |
| | GRAND STREET DANCING COMPETITION |
| | HORSE-DRAWN FLOAT COMPETITION |
| | GRAND FESTIVAL DAY'S FIREWORKS DISPLAY |
| | INTENSITY G featuring SPONGECOLA *(a free concert)* |
| April 16 | BAGASBAS BEACH CONCERT |

## *Pushing the ...*

*(Continued from page 4)*

lars in receipts for year 2006. Tourism is expected to accelerate economic change of the world for the years to come. There are three Ts which continue to propel the world economy today. These are tourism, telecommunications and transportation. Tourism, in other words, is at the forefront of economic renewal and development.

But tourism goes beyond the borders of economics because it also contributes vastly to the enrichment of human life. Travel allows people to learn about history and other cultures. It widens perspectives and promotes harmony. Tourism even takes an active role in the protection of the environment. Tourism allows the free trade of ideas, deepens understanding, fosters friendships and forges ties. This is how tourism contributes, beyond commerce and profits, to the creation of a peaceful and prosperous community.

That is why, we should all contribute in building a healthy tourism industry so that we would not be treated as a laggard in the company of other provinces which are also pursuing quite seriously a tourism program towards greater competitiveness.

# ISIPIN MO NA LANG
# Ang Sining ng Komunikasyon

*(Ikalawang Yugto)*

Ang salita ay may kapangyarihan. Ang salitang **"OM"** ay ang unang-unang salita (primordial sound) na kung saan nanggagaling ang lahat ng mga salita. Itong tunog na ito ang nagbigay-buhay sa komunikasyon *(Source: SAHAJA YOGA).* At sa pagdaan ng maraming panahon, nagkaroon ng iba't-ibang kahulugan ang mga salita ayon sa iba't-ibang lengguwahe.

Ang tao sa makabagong panahon ay nagbibitiw ng salita ayon sa kanyang nararamdamang emosyon–masaya, malungkot, naiinis, nagagalit, nagugulat, natatakot, at marami pang ibang emosyon.

Ang pinakamabigat na emosyon ay ang galit na siyang nagiging dahilan upang magbitiw ng masakit na salita ang isang taong galit. Ang salita kapag nasabi na ay hindi na pwedeng bawiin. Sabi nga, kailangang magbilang ka muna bago ka magsalita kung ikaw ay galit sapagkat oras na nasabi mo na ang mga di kanais-nais na salita, hindi mo na ito pwedeng baguhin o bawiin katulad ng mga bagay na nakikita at nahahawakan (tangibles).

Ang kapangyarihan ng salita ay puwedeng positibo katulad ng pagbibigay-lugod, pagbibigay ng pag-asa, pagbibigay ng pagmamahal sa isang tao, pagbibigay ng l;iwanag sa taong nasa



*EMMA F. ARCILLA*

kadiliman. Ang negatibong salita na galing sa taong galit ay pwedeng sumira sa pagkatao ng isang tao. At may mga pagkakataon na nakamamatay rin ang negatibong mga salita.

Ang isa pang sumisira sa tao ay ang pagkamakasarili (egoistic). Ang salitang "AKO" (Iness) ay nasa sangkatauhan ngayon. Gusto ng tao na sa makabagong mundo ay siya lang ang magaling, matalino, maganda, at may kakayahan.

Ang pagkamakasarili (egoistic) ang siyang pinakamasamang kaaway ng tao. Dahil dito, ang respeto sa kapwa ay nawawala at maging sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos. Dahil sa salitang "AKO", nagkaroon ng digmaan hindi lamang sa mga bansa-bansa kundi sa bawat isa na sarili lamang ang pinahahalagahan. Ang salitang "AKO" ay katulad ng isang lason na sumisira sa pagkakaisa ng pamilya, ng magkakaibigan, ng mga iba't-ibang samahan.

Ang bawat tao ay may kaisipang "SARILI MUNA" *(self-preservation)* dahil ang tao ay takot magutom, matalo, malamangan, mapasailalim sa isang pamumuno at makaramdam ng pangaapi ng kapwa.

Dahil sa mga negatibong salita, ang puso ng tao ay nawalan ng pagmamahal at pagkamaawain (love and compassion) sa kapwa. Nawalan na rin ng pag-asa ang sangkatauhan na magkaroon ng kapayapaan at pagkakaisa. Ang katotohanan ay nagdudumilat at nagdiringas kahit sa kadiliman ng gabi. Na ang mundo ay isang magulo at hungkag na mundo.

Ang salita kapag negatibo, ito ay bumabalik nang tatlong (3) beses sa taong nagsalita. Kung ating pagmamasdan, ang taong nagsalita nang hindi maganda sa kanyang kapwa ay nagkakaroon ng mga karamdamang walang lunas kung hindi sa lalamunan ay sa ibang parte ng kanyang katawan. Maaa-ring hindi mangyari agad ngayon pero mangyayari ito sa ibang panahon ng kanyang buhay.

Ang negatibo at positibong salita ay makapangyarihan. Ang negatibong salita ay bumabalik sa nagsalita. Ang positibong salita ay katulad ng "boomerang". Ang nagsalita at binigyan ng sa-lita ay kapwa tumatanggap ng biyaya, materyal man o espiritwal. *(Ang ikatlong yugto ng artikulong ito ay ilalathala sa mga susunod na isyu).* ***EMMA FLORES ARCILLA***

# Final command conference ng COMELEC CNorte

Kaugnay sa nalalapit na eleksyong lokal at nasyonal sa Mayo 14, 2007, ang Final Command Conference ay isasagawa ng Commission on Elections (COMELEC) Camas. Norte Provincial Office sa ika-3 ng Mayo (Huwebes) simula ika-8:30 n.u. hanggang ika-2 ng hapon. Ito ay pangungunahan ni Atty. Said Ali P. Maganduga, Provincial Election Supervisor dito.

Samantala, ang mga tumatayong municipal election officers (MEOs) sa mga bayan ng Basud, Capalonga, Jose Panganiban, Labo, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay at Vinzons ay inilipat sa probinsya ng Camarines Sur at ang siyam (9) na MEOs naman sa Camarines Sur ay inilipat dito sa Camarines Norte .

Ang hindi lamang nailipat sa Camarines Sur ay ang mga acting municipal election officers na sina: Milagros de Dios-Election Asst. II sa bayan ng Capalonga; Rommel C. Pajarin, Election Officer III ng bayan ng Daet, at; Emily G. Basilonia, Election Asst. II sa bayan ng Mercedes.

Ang nasabing paglilipat ng mga MEOs ay bilang pagtalima sa Seksyon 44 ng Omnibus Election Code na nagtatakda na kailangang ilipat ang sinumang MEO na nakapagsilbi na ng 6 na taon sa isang lugar upang maiwasan ang pagiging pamilyar nila sa mga opisyal ng pamahalaang lokal, maiwasan ang paghingi at/o pagbigay ng pabor sa pagitan ng MEOs at mga opisyal ng pamahalaang lokal.

Narito naman ang talaan ng mga MEOs mula sa 9 na bayan dito at ang nilipatan nilang bayan sa Camarines Sur: Eden H. Culvera (Basud) - Canaman; Freda G. Andalis (Capalonga)–Sipocot; Juvy R. Juan (Jose Panganiban)–Lagonoy; Virgilio G. Veras (Labo)–Calabanga; Salvacion I. Estravez (Paracale)–Ragay; Sonia L. Fermo (SL Ruiz) – Cabusao; Irene C. Pajarillo (San Vicente) - Pamplona; Annelyn R. Abanes (Sta. Elena)– Pasacao; Corazon Z. Ybarola (Talisay)-San Fernando, at; Sonia D. Marca (Vinzons)–del Gallego.

Ang mga MEOs mula sa mga kaukulang bayan ng Camarines Sur na inilipat dito sa Camarines Norte ay ang mga sumusunod: Edgar E. Jamito, Election Officer II (Pamplona)-Basud; Freda G. Andalis (Capalonga)–Sipocot; Rodolfo M. Sto. Tomas, Election Asst. II (Camaligan)-Jose Panganiban; Rosendo C. Vales, election Officer III (Tinambac)–Labo; Philip C. Revistun, EO II

*(Sundan sa pahina 8)*

## Ika-87 taong ...

(Mula sa pahina 3)

Jewel's Handicrafts c/o Ronald Octa; 12) Sagka Adventure (Sorsogon) c/o Jeffrey Grefaldeo; 13) Suelas Footwear & Accessories (Cams. Sur) c/o Allan Jigger Avila; Lynie's Fashion Accessories c/o Socorro Abad; Samahan ng Manggagawang Panday ng Tabaco, Inc. (SAMAPAT, Inc.) c/o Nick Cidro; Labo Progressive Multi-Purpose Coop. c/o Manager Mario Espeso; Metamorphosis Concepts (Cams. Sur) c/o Maria Lysylle del Rosario, at; Boardwalk.

Agricultural – Tedy Enterprises c/o Fidel Era; Baby Ruth's Garden c/o Ruth Asor; OPAg Provincial Farm and Special Project c/o PA Rodolfo B. Salamero; Habana's Ornamentals c/o Mr. Efren Habana, at; Aguilar Garden c/o Josefina Aguilar. ***LORENA T. IBASCO***

## Mobile Passport ...

(Mula sa pahina 2)

pinupunduhan sa pamamagitan ng 20% development fund.

Ayon sa mga aplikanteng napagsilbihan, malaki ang kanilang pasasalamat sa Pamahalaang Panlalawigan na pinamumunuan ni Gobernador Jesus "Atoy" O. Typoco, Jr. sa pagkakaroon ng ganitong serbisyo. Dahil anila rito ay naging magaan para sa kanila ang pagkuha ng pasaporte dahil nakamenos sila sa gastusin sa transportasyon at pagkain sapagkat hindi na sila kailangang magtungo pa sa DFA Regional Office sa Legazpi City,

Idinagdag pa nila na ang ganitong mga gawain ay direktang naibibigay ang serbisyo sa mga mamamayan. Sana anila ay marami pang programa at proyektong gagawin ang pamahalaang panlalawigan upang direktang mapagsisilbihan ang mga mamamayan dito. ***MARILYN P. ASIS***

# Mga nanalo sa Bantayog competitions inilahad

Naging isang makasaysayang tagumpay ang ikatlong taon ng Bantayog Festival dito na sentro muli ng selebrasyon ng ika-87 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng lalawigan ng Camarines Norte na nakatuon sa temang, *"Camarines Norte: Its Time to Shine"*. Ang naturang *festival* ay inilunsad ni Gobernador Jesus "Atoy" O. Typoco, Jr. noong taong 2005.

Isinagawa rito ang mga angkop na programa simula Marso 29 hanggang Abril 23, 2007 na pinangunahan ng pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Tourism, Museum, Cultural and Archival Division (TMCAD)* at sa pakikipagtulungan ng mga kinauukulang pambansang ahensya at pribadong organisasyon sa lalawigan.

Kabilang sa mga tampok na aktibidad dito ay ang iba't-ibang kumpetisyon na nilahukan ng mga taga-Camarines Norte at mga panauhin mula sa iba't-ibang lalawigan ng bansa na nakilahok sa naturang selebrasyon.

Matatandaan na sa *Surfing Competition* noong Abril 6-8, 2007, nanguna ang mga Camarines Norteños na ipinakita at pinatunayan ang kanilang husay at kasanayan sa *surfing*. Nakalaban nila rito ang mga *surfers* mula sa Batangas City at iba pang karatig-lalawigan. Sa *male category* ng kumpetisyon, ang una hanggang ikatlong puwesto ay nakuha ng mga residente ng bayan ng Daet na sa sina Salvador A. Oclares, Allan Eboña at Bernie Ocanio, ayon sa pagkakasunod. Ang una at ikalawang puwesto sa *female category* ay naiuwi pa rin ng mga residente ng Daet na sina Mocha Edusma at Czarina Karen Betsayda ng Daet, at ang ikatlong puwesto ay nasungkit ni Evangeline Lozano ng Quezon City.

Kaalinsabay sa pagdiriwang ng Pasko ng Pagkabuhay ng Poong Hesukristo noong Abil 8, isinagawa sa Bagasbas Beach ang taunang Kaogmahan sa Bagasbas na dinagsang muli ng mga mamamayan mula sa l2 bayan ng lalawigan gayundin ng mga turista. Isinagawa rito ang iba't-ibang palaro tulad ng *beach volleyball, beach football* at mga Laro ng Lahi tulad ng palosebo, hilahang lubid at agawang-buko. Itinaguyod ito ng pamahalaang panlalawigan katuwang ang *Public Safety and Emergency Mgt. Office (PSEMO), CANORA Rescue 472,* at; Daet Kabihug at Bulawan Jaycees.

Kasabay ng Kaogmahan sa Bagasbas ay ginanap din ang *Open Sand Carving Competition* kung saan ang Unang Puwesto at premyong P10,000.00 ay nakuha ng Purok 2, Brgy. San Isidro, Daet sa pangunguna ni Ismael Talento; Pangalawang Puwesto at gantimpalang salaping P7,000.00 - Purok 3, Brgy. San Isidro, Daet sa pangunguna ni Abel dela Peña, at; Ikatlong Puwesto at premyong P5,000.00 - Dulong Bayan Ilaod, Daet na pinamunuan naman ni Ildebrando Bobier.

Samantala, nakuha naman ni Alvin Canada ang unang puwesto at premyong P5,000.00 sa 3rd Bantayog Run na isinagawa noong Abril 9. Ang ikalawa at ikatlong puwesto rito ay nakuha nina Anthony Yebra at Andres Ramos na nakapag-uwi ng premyong P3,000.00 at P2,000.00, ayon sa pagkakasunod. Sila rin ay pinagkalooban ng tropeyo.

Ginanap naman noong Abril 13-14 ang MoTurista V na nilahukan ng mga motoristang galing sa Cavite at iba pang lugar sa bansa. Ang sasakyan naman ng mga kalahok dito ay sumailalim sa libreng tsekap ng motor sa *Treo Motor Shop* sa may kahabaan ng Vinzons Avenue at magkatuwang na itinaguyod ng *Suzuki Phils.* at pamahalaang panlalawigan.

Naiuwi naman ng koponan ng Sangmu University ng bansang Korea ang kampeonato sa *5th Asian Universities Basketball Championship* na isinagawa sa Camarines Norte Agro-Sports Center ng Kapitolyo Probinsyal simula Abril 14-23, 2007. ***JC PERAZ/LT IBASCO***

# Learning Experiences through Play

**Abigail M. Andoy, Teacher I**
***(Tawig Elementary School)***

A large fraction of the child's day in a round of activity is commonly called "play". Most often adults' wonder where these children get the energy they spend in play activities which seems to be endless.

What is play? It is an activity engaged in for enjoyment or recreation. It is the act of taking part in a game, or a way of amusing oneself.

There are various interesting hypothesis or theories on the function of play in the classical theories concerning it. Two of these are "Surplus Energy Theory" and "Anticipatory or Preparatory Theory".

In "SURPLUS ENERGY THEORY" – play is the expression of an accumulation of surplus energy among children. Kids have high metabolic rates and not all of the energy they produced is needed for growth. The surplus energy impels activity.

On the other hand, "ANTICIPATORY OR PREPARATORY ENERGY" considers play as primarily a preparation for future life and work, in make believe, where children are participating for future roles. While maturation determines in part the nature and direction of activity, exercise in turn stimulate perfect development and the integration of behavior. Through play, a child develops the neuromuscular and hand-and-eye coordination necessary for successful daily living. Play activities is given opportunity for development of expression.

Renowned Child Psychologist ike Friedrih Froebel believed that children express their interest through their play. He developed a set of play material which he called gifts. The gifts include six, soft, colored balls and several spheres, cubes and cylinders.

JOHN DEWEY, another child psychologist, believed that children learn by doing the activities themselves. He strongly encouraged play in the classroom and trips outside the school.

The child experts have one thing in common – principle of learning by doing and the use of play as medium for learning.

In line with the foregoing, the functions of educators are as follows:

1. Provide an environment that allows children to physically explore the objects around him;
2. Ask the children questions rather than giving the answers or explanations. Children must be able to structure logical process in order to have meaningful explanations.

And finally, the educators allow the children to interact with others in exploring problem or concept situations. These activities give children a chance to look into probabilities in the solution of specific problems.

Sequences in play activities are generally similar among children although there is "slow and rapid grower". As the child develops, his preferences also turn away from ready-made objects to materials with which he himself may create and construct.

Play creates many practical situations in which the child discovers, observes, reasons, and solve problems. The situations arise both in social relationships and in the control of the physical environment. Added to this are the learning's they got from the play situation. ***AGNES M. ANDOY***

## LANUZA ...

(Mula sa pahina 3)

kasama ang mga miyembro na sina Alvin Fabelico, sales supervisor ng San Miguel Corporation (SMC)-Cams. Norte; Dennis Miranda, fashion model; Mary Ann Reyes, sales supervisor for South Luzon ng Globe Telecom, at; Ralph Canlas, sales supervisor ng Coca-Cola Camarines Norte.

Ang pamantayan na ginamit ng inampalan sa paghusga at pagpili sa mga nanalo ay ang mga sumusunod: beauty factor (beauty of face, figure and complexion) – 40%; intelligence factor (wit, humor and intelligence) – 30%; stage factor (poise, charm and stage projection and presence) – 20%, at; candidates' X-factor (over-all judges' impressions) – 10% na may kabuuang 100%.

Ang iba pang kandidata na lumahok sa naturang patimpalak at nagpamalas din ng kanikanilang natatanging ganda, talino at talento ay sina: Zarina Sarah R. Zabala – Basud; Niza L. Florendo – Capalonga; Aiza Katrina L. Mendoza - Jose Panganiban; Joyce Ann H. Villafuerte – Mercedes; Krystel Joy C. delos Santos – Paracale; Glodessa Tolod - San Lorenzo Ruiz; Marjorie Kerr O. Posadas - San Vicente; Janeth S. abanto - Talisay, at; Teresa A. Cereno – Vinzons. ***LT IBASCO/JC PERAZ***

# BANTAYOG FESTIVAL 2007 ACTIVITIES




1




3


4


5


2


6


7



8

## MGA PILING LARAWAN

*1) Ang Mutya ng Camarines Norte na si Bb. Michelle C. Lanuza ng Sta. Elena CN sa evening gown event ng naturang patimpalak; 2) Ang fireworks display na isinagawa sa harapang ng provincial capitol kaugnay pa rin ng pagdiriwang ng ika-87 anibersaryo ng lalawigan ng camarines Norte; 3) Ang ceremonial toss na pinangtunahan ni Gobernador Jesus O. Typoco, Jr.bilang pagbubukas ng 5th Asian University Basketball Championship na ginanap ditto sa lalawigan; 4) Ang Sining ng Bantayog isang art exhibit sa provincial capitol lobby bahagi pa rin ng Bantayog Festival activities; 5) Ang concert sa park ng bandang SpongeCola na dinagsa ng mga mamamayan ng lalawigan na inihandog ng Globe Telecom; 6) Nagpapakitang gilas ang isang kalahok sa isinagawang Bagasbas Surfing Competition; 7) Ang sand carving competition isa sa mga aktibidad ng Kaogmahan sa Bagasbas na bahagi pa rin ng slebrasyon ditto; at 8) Ang pagbubukas ng Agro-Industrial Trade Fair na pinangunahan nina DTI provincial Director Ernesto Pardo, Prov'l. Agriculturist Rodolfo B. Salamero at Curator I at Provincial Tourism Officer-designate Abel C. Icatlo.*

# Lalawigan ng Camarines Norte, Rehyon 5-Pilipinas

**Maikling Deskripsyon** (*Lokasyon at Hangganan*)

Ang Lalawigan ng Camarines Norte ay umuukupa sa hilagang bahagi ng Bundok Cordillera na sumasaklaw sa kahabaan ng Bicol Peninsula. Ito ay napapaligiran sa hilagang bahagi ng Karagatang Pasipiko, sa timog na bahagi naman ng lalawigan ay ang Camarines Sur at bahagi ng kahabaan ng Quezon Province.

Ang lalawigan ay may kabuuang lupain na umaabot sa 2,320.07 kilometro kwadrado kasama na ang 8,762 ektaryang lupa na pinagkasuhan ng mga lalawigan ng Camarines Norte at Quezon, na pinal na ipinagkaloob sa Camarines Norte ng Korte Suprema noong 1989.

Ito ay binubuo ng 12 bayan na may 282 barangay. Ang bayan ng Daet ang sentro nito na siyang kinaluluklukan ng pamahalaang panlalawigan.

Klasipikadong Type II ang klima nito. Wala itong panahon ng tagtuyot at may malakas na mga pag-ulan simula Nobyembre hanggang Enero.

**Maikling Kasaysayan ng Camarines Norte**

Simula sa mga taong 1573 hanggang 1829, ang mga lalawigan ng Camarines Sur at Camarines Norte ay binubuo ng isang pampulitikang yunit na kinilala bilang Ambos Camarines. Noong 1829, sila ay pinaghiwalay ngunit muling pinagsama noong taong 1854. Sila ay muling naghiwalay; at muli ring pinag-isa noong taong 1893. Ang pagsasamang ito ay nagpatuloy hanggang taong 1919. Noong Marso 3, 1919, ang Camarines Norte ay tuluyan nang inihiwalay mula sa Ambos Camarines sa bisa ng Act 2809 ng Philippine Legislature.

Nang ang Camarines Norte ay mapahiwalay mula sa Ambos Camarines noong 1829, ito ay binuo ng mga bayan ng Daet (kapital), Talisay, Indan (ngayon ay Vinzons), Labo, Paracale, Mambulao (ngayon ay Jose Panganiban), Capalonga, Ragay, Lupi at Sipocot.

Makalipas ang labimpitong (17) taon, ang mga bayan ng Sipocot, Lupi at Ragay ay napunta sa Camarines Sur kapalit ng bayan ng Siruma.

Si Juan Salcedo na ipinadala ni Miguel Lopez de Legazpi para diskubrehin ang pulo noong 1571, ang siyang nakaimpluwensya sa pagkakatatag ng Camarines Norte. Binisita niya ang lantay sa gintong mga bayan ng Mambulao at Paracale, na hinangad niya nang nalaman niya mula sa mga katutubo na may mga minahan ng ginto sa mga nabanggit na lugar.

Nang palitan ni Francisco de Sande si Legazpi bilang Gobernador-Heneral, nagsimula nang maramdaman sa rehyon ang impluwensya ng mga Kastila. Ipinagawa niya ang permanenteng garison sa Naga upang makontrol ang rehyon at protektahan ito mula sa mga piratang Muslim at Intsik. Si Kapitan de Chavez ang itinalagang pinuno ng naturang puwersa.

May pamayanan na ritong pinaninirahan ng mga katutubo nang dumating ang mga Kastila. Ang papaunlad na mga bayan ng Mambulao at Paracale

(*Sundan sa pahina 9*)

## *Final Command ...*

(*Mula sa pahina 5*)

(Pasacao)–Paracale; Dionisio O. Miguel, EO II (Goa)–San Lorenzo Ruiz; Edgardo G. Anacin, Election Officer II (Balatan)–San Vicente; Isagani M. Quijano, EO II (del Gallego)–Sta. Elena; Julian Q. Ocliano, EO III (Ragay) - Talisay; at; Adonis B. Amador, EO II (Tigaon) - Vinzons. ***LT. IBASCO/ LMP QUERUBIN***

# BANTAYOG FESTIVAL 2007

## MARCH 29-APRIL 16, 2007

## LIST OF SPONSORS

ABS-CBN
San Miguel Beer
Department of Tourism
Suzuki Philippines
Coca-Cola Bottlers Philippines Inc.
Jollibee Daet
Hon. Prospero "Butch" Pichay
Veness House of Fashion by Agnes Philips

Pineapple Island Resort
95.3 DWKS-FM Love Radio Daet
Jimm's Herbal Products
Boardwalk
Family Merchants Projects Devt. Corporation
Ato Samarista Beauty Salon
Golden Palace Restaurant
Central Plaza Restaurant
Bel-Air Hotel, Resort and Restaurant
Aga Riñon House of Beauty and Fashion
King Fisher Chinese Restaurant
Nestea Iced Tea
RD Educational Supplies
Rommel S. Aspe Pawnshop
K Sarap Food House
Superlines
Apple's Photo and Video Studio

Bong Alvarez Cellphone Repair and Accessories
W. Alvarez Cellphone Repair and Accessories

Camarines Norte Surfers Association
Department of Trade and Industry
Napundan Development Organization
X3M Riders Club of Camarines Norte
Camarines Norte Visual Artists Association
CANORA Rescue 472
Daet Kabihug and Bulawan Jaycees
Philippine National Red Cross CN Chapter
Camarines Norte Provincial Sports Council
Kabalikat Charity 105
Public Employment Services Office
Kabalikat Civicom 139
96.9 DWCN FM Radyo ng Bayan
PBN DZMD
CNTV

Hon. Mayor Winefredo B. Oco of Labo
Hon. Mayor Ernesto J. Jalgalado of Capalonga
Hon. Mayor Rodolfo V. Gache of Talisay
Hon. Mayor Jose T. Segundo of Vinzons
Hon. Mayor Silverio G. Quiñones of Basud
Hon. Mayor William S. Lim of Jose Panganiban
Hon. Mayor Elmer E. Panotes of Daet
Hon. Mayor Stanley G. Alegre of San Vicente
Hon. Mayor Pepito P. Lo of Mercedes
Hon. Mayor Edgar T. Ramores of San Lorenzo
Hon. Mayor Edgar M. Alcala of Paracale
Hon. Mayor Dominador Mendoza of Sta. Elena





*Ang 3rd Bantayog Fun Run na bahagi pa rin ng selebrasyon ng ika-87 taong anibersaryo ng Camarines Norte na nakapokus sa Bantayog Festival; Ang 5th Asian University Basketball Championship na isinagawa sa Camarines Norte Agro-Sports Center na tinangkilik ng mga mamamayan ng lalawigan kung saan makikita rito na punong-puno ng manonood ang bawa't laro.*

## *SANGMU ...*

(*Mula sa pahina 1*)

championship game, sinabi ni Gob. Jesus O. Typoco na patuloy ang pagsasagawa ng mga ganitong palaro ditto sa lalawigan upang maengganyo ang mga kabataan na pumasok sa paglalaro at mahinang ang kanilang abilidad sa paglalaro ng basketball.

Umaasa din ang gobernador na patuloy na susuportahan ng mga taga Camarines Norte ang ganitong mga programa sa lalawigan upang lumago na rin ang turismo rito sa atin.

Lubos ang ipinakitang galing ng koponan ng Sangmu University kung kayat sila ang nagwagi ng kapeonato.

Narito ang tala ng mga koponan na lumahok sa 5th Asian University Basketball Champioship: Sangmu Universty– Korea; Huaquaio University –China; Emilio Aguinaldo College-Manila; University of Baguio; Ji Mei University-China; University of Perpetual Help-Daltas; Rizal Technological University-Manila Putia Riau-Indonesia at ang Bicol's Best.

Ginanap ang opening Program noong ika-16 ng Abril at ito ay dinaluahn ng ibat-ibang ng mga nasabing delgasyon at kanikanilang mga coaching staff. At nagtapos naman noong ika 22 ng nasabi ring buwan. ***LMP QUERUBIN***

# CNGWMPC magbibigay ng hot meal sa mga batang lansangan

Ang Camarines Norte Government Workers Multi-Purpose Cooperative (CNGWMPC) sa pakikipag-ugnayan sa Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) ay magsasagawa ng pagpapakain ng masustansyang lugaw (hot meal) sa humigit-kumulang 50 mga batang lansangan sa bayan ng Daet.

Ang gawaing ito na gaganapin sa Mayo 2, 2007 sa tanggapan ng naturang kooperatiba ay naaayon sa matamang pagpaplano ng mga opisyal ng kooperatiba at sinang-ayunan naman sa isinagawang *general assembly* kamakailan.

Ang *provision of hot meal for street children* ay sisimulan sa pamamagitan ng panalangin na pangu-ngunahan ni CNGWMPC Director Erlinda G. Sañez. Magbibigay naman dito ng briefing si CNGWMPC Director Edgar Estanislao.

Pangangasiwaan naman ni Cynthia R. dela Cruz ng PSWDO ang pagpapakilala sa mga batang lansangan na nakatira sa ilalim ng tulay ng Daet. Nakatakda rin ditong magbigay ng mensahe sina Chairperson Francia Pajares at General Manager Lorna Bernal.

Sa mga darating na panahon ay magkakaroon pa ng mga paglilingkod sa komunidad ang kooperatiba upang maibahagi ang tagumpay nito sa mga kababayan nating higit na nangangailangan ng tulong at kalinga. ***MELINDAL JEREZ***

## *Lalawigan ng ...*

*(Mula sa pahina 8)*

ay kabilang dito. Ang Indan at Daet ay tinirahan nila gayundin ang Capalonga at iba pa. Ngunit ang Paracale ang nanatiling nais puntahan ng karamihan at pinakamaunlad dahil sa mga minang ginto nito.

Ang mga bayan dito ay okupado ng karamihan sa mga Tagalog; ang iba pa ay mga Bisaya. Gayunman, karamihan sa mga nanirahan dito ay nanggaling sa Mauban, Quezon. Ang mga Kastilang misyonaryo naman ay hindi tumigil sa kanilang misyon na mabinyagan bilang Kristiyano ang mga katutubo.

Sa bisa ng Act 2809 noong Marso 3, 1919, inihiwalay ni Gobernador Heneral F. B. Harrison ang Camarines Norte mula sa Camarines Sur, at sa dakong huli ay itinalaga si Don Miguel R. Lukban bilang kauna-unahan nitong Gobernador.

Sa kasalukuyan, ang Lalawigan ng Camarines Norte ay binubo ng sumusunod na 12 bayan: Basud, Capalonga, Daet, Jose Panganiban, Labo, Mercedes, Paracale, San Lorenzo Ruiz, San Vicente, Sta. Elena, Talisay, at; Vinzons. Ang Daet ay nananatiling *capital town* nito, at luklukan ng pamahalaang panlalawigan. ***(Isinalin sa Filipino ni LT Ibasco)***





***Ang Oath Taking na isinagawa para sa mga bagong halal na Board of Directors ng CNGWMP Cooperative na pinangasiwaan ni Atty. Jose T. Atienza, Provincial Legal Officer; Ang Mambulawan Festival ng bayan ng Jose Panganiban na lumahok din sa street dancing competition ng Bantayog Festival na isinagawa pa rin kaugnay ng selebrasyon dito ng ika-87 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte.***

## *Capalonga. ...*

*(Mula sa pahina 10)*

*counts executive* ng *ABS-CBN South Luzon Regional Network Group;* Engr. Gerardo G. Quiñones, *Exec. Asst. IV-Governor's Office;* Janice D. Quiñones, *store marketing officer, Jollibee-Daet*, at; Juvy Otilla na kumatawan kay Miss Sherry Lovella A. Vergara ng *Fryer's Restaurant, Caramel Bakeshop, Pineapple Island Resort* at *Siennalo's Fastfood Restaurant.*

Ang ginamit na batayan sa pagtaya at pagpili sa mga nanalo ay ang mga sumusunod: *relevance to the theme* – 30%; *artistry and creativity* – 50%, at; *general impression* - 20% o kabuuang 100%.

Ang mga naturang kumpetisyon ay bahagi pa rin ng *Grand Festival Day* noong Abril 15, 2007 mismong araw ng anibersaryo ng ika-87 taong pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte. Sinuportahan ito ng mga pampamahalaan at pribadong tanggapan at/o organisasyon na lumahok din sa paradang isinagawa mula sa *Central Plaza Mall Complex* hanggang sa harapan ng *Provincial Capitol*.

Mas nagpatingkad at nagbigay-kulay sa okasyon ang *fireworks display* sa *Provincial Capitol Grounds* na itinaguyod ng DOT. Ito ay inabangan ng lahat, bata at matanda man, na nakiisa sa pagdiriwang ng anibersaryo ng lalawigan na nakasentro sa Bantayog Festival.

Layunin ng *Bantayog Festival* na maisulong ang industriya ng turismo ng Camarines Norte sa pamamagitan ng pagpapakilala rito bilang tahanan ng kauna-unahang Bantayog ni Rizal na naitayo sa buong mundo. ***LT IBASCO/JC PERAZ***

## *Abiera, cum laude...*

*(Mula sa pahina 10)*

lider. Pinangunahan niya ang pag-organisa ng *4Cs Mall (**C**ollege of **C**ommerce **C**entral **C**ouncil)* na isinagawa noong Set. 24 hanggang Okt. 4, 2005. Pinangunahan din ni Abiera ang *1st Marketing Expo Competition* sa MC noong Marso 19, 2006.

Si Abiera ay nagtapos ng elementarya noong 1999 sa *Manguisoc Elementary School* bilang balediktoryan. Nag-aral siya ng hayskul bilang iskolar ng *The Sisters of Mary* sa Bo. Biga, Silang Cavite mula 1999-2003. Nang magtapos siya rito noong 2003 ay pinarangalan bilang *Best in Religion* at *Best Student Teacher*.

Ipinalabas din kamakailan sa programang *The Correspondents* ng *ABS-CBN* ang kuwento ng pagpupunyagi sa buhay ni Abiera na mula sa mahirap na pamilya sa *coastal barangay* ng Manguisoc sa bayan ng Mercedes. Namamangka pa si Abiera para makapasok sa MC. Ang kanyang amang si Efren ay mangingisda at ang inang si Nomie ay labandera.

Masasabing isang huwarang anak at mag-aaral si Joel na ginamit na inspirasyon ang kahirapan upang magsikap sa pag-aaral at manguna sa klase at makakuha ng iba't-ibang parangal. Pinatunayan niya na ang kahirapan ay hindi hadlang upang makapagtapos ng kolehiyo at magtagumpay sa buhay. Ang kailangan lang ay sipag, tiyaga, ambisyon at determinasyon na magtagumpay.

Kaugnay nito, patuloy na ipinatutupad ng pamahalaang panlalawigan ang PGSP upang makapag-aral sa kolehiyo ang mga mahihirap ngunit matatalinong kabataan sa Camarines Norte. Isang pribilehiyo na may kaakibat ding responsibilidad – sumunod sa mga patakaran at alituntunin ng PGSP at magpunyagi sa pag-aaral. ***LT IBASCO***

## *Konstruksyon ...*

*(Mula sa pahina 10)*

Bagong Silang 1 sa bayan ng Labo at ipinatutupad ng administrasyon ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. Ang POW naman nito ay inihanda ng Provincial Engineering Office (PEO).

Ito ay pinunduhan ng halagang P350,000.00 ng *Timex Company* bilang katugunan nito sa kahilingan ng *UNICEF*. Nagbigay naman dito ng P162,651.00 ang pamahalaang panlalawigan bilang *counterpart fund* sa naturang proyekto.

Ang konstruksyon ng mga naturang *day care centers* ay isinusulong ng administrasyon ni Gob. Typoco, Jr. at mga kaukulang pamahalaang lokal sa pakikipagtulungan ng *UNICEF, Starbucks* at *Timex Company* at iba pa.

Sa pamamagitan nito, matutugunan ang panga-ngailangan sa mga DCCs dahil sa dumaraming bilang ng mga *day care children* sa mga barangay ng San Roque, Mercedes at Bagong Silang, Labo. Dahil dito, magkakaroon ng mas kumporableng silid-aralan ang mga kabataan na inaasahang makahihikayat para pumasok sila sa paaralan. ***LT IBASCO***

# Capalonga, kampeon sa Street Dancing Competition

Sa ikalawang pagkakataon, tinanghal na Grand Champion ang Palong Festival ng bayan ng Capalonga sa Street Dancing Competition at naiuwi ang gantimpalang P70,000.00. Matatandaan na noong nakaraang taon ay nakuha rin ng Capalonga ang kampeonato sa naturang patimpalak.

Maliban dito, nakuha rin ng Palong Festival ang *special awards* na *Best in Street Dance* at *Best in Costume* at mga kaukulang gantimpala.

Nakuha naman ng Busig-on Festival ng bayan ng Labo ang ikalawang karangalan at premyong P50,000.00. Napanalunan din nito ang *special award* na *Best in Festival Music* kasama na ang kaukulang premyo. Ang ikatlong puwesto naman ay naiuwi ng Mambulawan Festival ng bayan ng Jose Panganiban gayundin ang gantimpalang P40,000.00.

Lumahok din sa naturang paligsahan ang *Pineapple Festival* ng bayan ng Daet, Paruyan Festival ng Talisay at Tacboan Festival ng Vinzons.

Ang *street dancing competition* ay isinagawa sa Provincial Capitol grounds kung saan ipinakita ng mga kalahok na bayan ang kani-kanilang natatanging kultura, tradisyon at kaugalian. Inilarawan din nila ito sa pamamagitan ng mga makukulay na kasuotan at mga angkop na kagamitan (props) at musika.

Ang mga hurado naman nito ay binubuo nina: Josefina B. Guillen-*director for dance ng Cultural Center of the Philippines (CCP);* Ruperto Jun Generoso-*artistic and event director* ng Gayon Bicol Fiesta 2002-2006 at *finance officer* ng *Dept. of Tourism (DOT) RO5, Legazpi* City; Prof. Robby Cereno ng *University of the Philippines-Los Baños (UPLB)* na ipinanganak sa bayan ng Vinzons; Prof. Basilio Esteban S. Villanoz-*professor in dance* sa *UP College of Music* at, *Artistic Director* ng *UP Dance Company,* at; Dr. Ramona Bustamante Rañeses-nagtatag ng *Bicol Arts Festival* at pinuno ng *Bicol Council for Culture and the Arts.*

Heto ang batayan na ginamit ng mga hurado sa pagpili ng mga nanalo: *Performance* - 40%; *Choreography* – 0%; *Costume and Props*–15%, at; *Music* – 15% o may kabuuang 110%.

Nakuha naman ng bayan ng Talisay ang unang puwesto at premyong P12,000.00 sa *float competition* kung saan ang ikalawang puwesto at P10,000.00 ay naiuwi ng bayan ng Labo, at; ang ikatlong puwesto at premyong P8,000.00 ay nasungkit ng Capalonga. Lumahok din dito ang mga bayan ng Basud, Daet, Jose Panganiban, at; Vinzons.

Naging hurado rito sina Dr. Ela N. Regondola, *VP for administration, Cams. Norte State College (CNSC);* Engr. Benny Elevado, *ac-*

(Sundan sa pahina 9)

BATINGAW
DIARYO NG MASA
PARA SA KAUNLARAN
TAON 6, BLG. 10 DAET, CAMARINES NORTE ABRIL 2007"
Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, CNorte"
Website: http:/www.camarinesnorte.gov.ph E-mail: cao_cnorte@yahoo.com

***Ang street dancing competition na ginanap sa harapan ng Provincial Capitol kung saan ang pambato ng bayan ng Daet ay ang Pineapple Festival; ang Palong Festival ng Capalonga (ibabang larawan) na siyang nagwagi sa nasabing patimpalak.***



# Konstruksyon ng DCC sa Mercedes, Labo, isinasagawa

Hanggang sa kasalukuyan, patuloy na isinasagawa ang konstruksyon ng isang (1) yunit na day care center sa Brgy. San Roque sa bayan ng Mercedes na umaabot sa halagang P500,00.00.

Ang naturang proyekto ay nilaanan ng *Starbucks* ng pondong P350,000.00 bilang tugon nito sa kahilingan ng *United Nations Children's Fund (UNICEF).* Kaugnay nito, nagbigay naman ng *counterpart fund* na P150,00.00 ang pamahalaang bayan ng Mercedes at pamahalaang barangay ng San Roque. Sa halagang nabanggit, ang P40,600.00 ay ginugol para sa mga materyales at ang P109,400.00 ay para sa labor cost o kabuuang P150,000.00.

Ang naturang pagawain ay ipinatutupad ng administrasyon ni Mayor Pepito P. Lo ng bayan ng Mercedes. Ang *program of works (POW)* naman nito ay inihanda ni Mun. Engineer Aldrin R. Abad ng Mercedes.

Maliban dito, patuloy pa rin ang konstruksyon ng isa pang standard day care center sa Brgy.

(Sundan sa pahina 9)

# Abiera, cum laude at TOYS awardee; 3 pang PGSP grantees, cum laude sa MC

Lubos na kinikilala ng pamahalaang panlalawigan ang mga iskolar nito sa ilalim ng *Provincial Government Scholarship Program (PGSP)* na nagtapos bilang mga *cum laude* sa Mabini Colleges (MC) kamakailan. Pinatunayan nila na karapat-dapat sila sa tulong pang-edukasyon na tinanggap nila sa ilalim ng PGSP.

Ito ay kinabibilangan nina Joel Sergio Abiera na nagtapos ng kursong *Bachelor of Science in Accountancy (BSA);* Marlette A. Laurenciana, *BS in Secondary Education;* at, sina Ian Raymund B. Panotes at Rizhel Gillera na nagtapos din ng kursong *BSA.*



***JOEL S. ABIERA***

Maliban sa parangal bilang *cum laude,* tinanggap din kamakailan ni Abiera ang parangal bilang isa sa *Ten Outstanding Young Students (TOYS) of the Philippines.* Si Abiera ay naging iskolar ng PGSP noong 2003 kung saan nakuha niya ang ikalawang puwesto sa qualifying and competitive examination ng PGSP. Naiuwi rin ni Abiera ang ikalawang puwesto sa *National Statistics Quiz* sa Metro Manila noong taong 2004 kung saan ang unang puwesto ay nakuha naman ng kinatawan ng *University of the Philippines (UP).*

Matatandaan din na si Abiera ang naging kampeon sa *Business in Development (BID)–Student Award Category* na itinaguyod ng *The Netherlands* noong 2006 dahil sa ginawa niyang *feasibility study* na **PINYAS** o *Pineapple* ***IN****dustry for* ***Y****outh* ***A****nd* ***S****ociety (PINYAS).* Nakatunggali rito ni Abiera ang may 902 kabataan mula sa iba't-ibang panig ng mundo na lumahok sa naturang patimpalak.

Si Abiera rin ay isang aktibong estudyante at

(Sundan sa pahina 9)

